

# Pahayagan ng Yaizu

TAGALOG(タガログ語)



QR code

**Hunyo ( 6月 Roku gatsu) / 2025 (令和７年 Reiwa 7 nen) /￥０**


Yaizu City Hall (Yaizu Shiyakusho)

Seksyon ng Tangkakal sa Pakikipagtulungan (Kyodo Suishin-ka)

〒425-8502 Yaizu-shi Honmachi 2-16-32 Yaizu City Hall Main branch 3rd floor

TEL: 054-626-2191 http://www.city.yaizu.lg.jp


**Iskedyul ng Interpreter**

**【Munisipyo Main branch】 Tagalog&Bisaya&English**:Lunes-Biyernes 9:00am-4:30pm/Portuguese:Lunes,Martes,Huwebes,Biyernes 9:00am-4:30pm/**Spanish**:Lunes,Miyerkules-Biyernes 9:00am-4:30pm **※Walang Interpreter: 12:00pm~1:00pm.**

【Oigawa Branch】 Portuguese:Hunyo 5 & 19 (Ika-1 & Ika-3 Huwebes) 9:30am-11:30am

Tagalog&Bisaya&English: Hunyo 11 & 25 (Ika-2 & Ika-4 na Miyerkules) 9:30am-11:30am

## ■Proseso ng renyuwal sa Sistema ng subisidya sa medikal na gastusin sa pamamahay ng nag-iisang magulang■ (Hitorioyakatei to iryohi josei seido no koshin tetsuzuki)

Ang notipikasyon sa renyuwal ay pinadala sa mga taong angkop. Mangyaring gawin ang proseso hanggang sa takdang-petsa.

【Angkop】 Single-mother（single-father）na Ina (Ama) ng pamamahay na nagtataguyod ng batang nasa 20 taong gulang pababa o Ina(Ama) ng pamamahay na ang kabiyak ay may malubhang kapansanan at kanilang anak, Batang walang mga magulang

【Kondisyon】Dapat walang pataw na income tax ang taong mismong bumubuhay sa anak at ang pamilyang kasamang nakatira Mangyaring tingnan ang karagdagang detalye.

【Panahon ng Pagtanggap】 Hunyo 9(Lunes) 【Mga dadalhin】 Pangtatak na selyo,Kard ng Seguro sa Kalusugan atbp.

【Lugar ng Pagtanggap】 Seksyon ng Suporta sa Pagpapalaki ng Bata(Kosodate Shien-ka) (Munisipyo Main branch 2nd floor), Sentro ng Serbisyo ng Mamamayan sa Oigawa(Oigawa Shimin Sabisu Senta) (Munisipyo Oigawa branch 1st floor)

【Matatawagan】 Seksyon ng Suporta sa Pagpapalaki ng Bata(Kosodate Shien-ka) ☎054-626-1137

## ■Paghulog ng Child allowance (Jido teate no furikomi)■



**Hunyo 13(Biyernes)**, ang araw ng pagpasok ng Child Allowance.

Ang allowance para sa buwan ng Abril 2025 hanggang Mayo 2025 ay ipapasok sa tinakdang bank account ng tagapagtanggap.

【Matatawagan】Seksyon ng Suporta sa Pagpapalaki ng Bata(Kosodate Shien-ka) ☎054-626-1137

## ■Limitado sa tag-init After School Kid's Club (Kaki Gentei Hokago Jido Kurabu)■

Bukas ang 「Kaki Gentei Hokago Jido Kurabu:Limitado sa Tag-init After-school Kid's Club」para bantayan ang mga Elementary student habang bakasyon sa tag-init. Sa mga tagapangalaga/magulang ng mga batang nagnanais gumamit,bisitahin ang Yaizu city Official website. Mangyaring mag-aplay sa nais gamitin club hanggang sa **Hunyo 20(Biyernes)**. Para sa malinaw na detalye,mangyaring magtanong sa Seksyon ng Suporta sa Pamilya(Katei Shien-ka) .

【Angkop】Elementary school student at naaangkop sa lahat ng sumusunod ①～③

① Sa punto ng Hulyo 1 ay hindi pumapasok sa After-school Kid's club ng lungsod.

② Sa tanghali ay wala sa tahanan ang magulang/tagapangalaga dahil sa trabaho at iba pa.

③ Maaaring mahatid-sundo ng magulang/tagapangalaga.

【Matatawagan】Seksyon ng Suporta sa Pamilya(Katei Shien-ka) ☎054-631－6978



## ■Ang abiso ng bayarin sa buwis ng Buwis Munisipalidad・Buwis Prefektural・Buwis sa Kagubatan at Kapaligiran (Shimin zei/Kenmin zei/Shinrin kankyo zei no nozei tsuchisho) ■

Sa **Hunyo 16(Lunes)** ay ipapadala ang Notipikasyon ng Bayarin sa Buwis ng Bayarin sa Buwis para sa Buwis Munisipalidad・Buwis Prefektural・Buwis sa Kagubatan at Kapaligiran. Mangyaring kompirmahin ang Notipikasyon ng Bayarin sa Buwis kapag natanggap niyo ito.

【Ankop】Taong magbabayad ng payment slip o ang magbabayad mula sa pagkaltas sa bangko（Normal na Pagbabayad）, Taong ikakaltas mula sa pensyon（Espesyal na pagbabayad mula sa pensyon）

※Ang takdang petsa ng pagbabayad ay hinati sa 4 na beses.

**Ang 1st term ay dapat bayaran hanggang sa Hulyo 7(Lunes).**

Maaaring magbayad sa bangko,convenience store,mobile payments app at iba pa.

【Matatawagan】


〇Ukol sa Pagbubuwis Seksyon ng Buwis(Kazei-ka) ☎054-626-2149

〇Ukol sa Pagbabayad Seksyon ukol sa bayarin sa buwis(Nozei Sokushin-ka) ☎054-626-2147

**Narito ang karagdagang detalye**

## ■Mag-ingat mula sa HEAT STROKE! Necchusho kiwotsukete■

Ang tinutukoy na「Necchusho:heat stroke」ay isang kalagayan kung kailan sasama ang pakiramdam tulad ng pagsakit ng ulo,pagkahilo,mawawalan ng lakas ang katawan at iba pa dahil sa pananatili sa kapaligirang mataas ang temperatura sa loob ng matagal na oras. May pagkakataon na maaaring ikamatay ng tao at lubhang mapanganib na sakit.



### Mga dapat gawin upang maiwasan ang heat stroke

- Uminom ng tubig,barley tea,sports drink at iba pa(Mga inumin na walang epekto ng diuretiko) bago sumama ang pakiramdam
- Gamitin ang Electric fan o Air conditioner para pababain ang temperatura ng silid
- Kapag lalabas,iwasan ang mga oras na mainit
- Gumamit ng pang-araw na payong at magsuot ng sombrero
- Magsuot ng damit na preskong suotin





Iaanunsyo ang「Necchusho Keikai Arato:Heat stroke Warning Alert」 sa mga araw na madaling magkaroon ng heat stroke. Ipapaalam mula sa Official LINE account ng Yaizu city.
Magparehistro at kumpirmahin.

【Matatawagan】Seksyon ng Pangangalaga sa Kalusugan(Kenko Zukuri-ka)
☏054-627-4111

**Yaizu City Official LINE**
**Narito ang Rehistro**

**I D : @yaizucity**

## ■Mag-ingat sa malakas na ulan・bagyo■
### Oame / Taifu kiwotsukete

Sa Japan simula sa buwan ng Hunyo ay mapaparami ang pag-ulan ng malakas at panahon rin ng pagdating ng bagyo. Mapanganib kapag umulan ng malakas dahil maaaring umapaw ang ilog at bumagsak ang bundok. May pagkakataon na hindi madaanan ang kalsada.



Magparehistro mula sa QR code ng Yaizu city Official LINE, at kumpirmahin ang impormasyon ukol sa sakuna,paglikas at iba pa.
【Matatawagan】 Seksyon ng Nangangasiwa sa Ilog(Kasen-ka) ☏054-626-1118

## ■Tayo'y sumailalim sa pagsusuri sa kalusugan minsan sa isang taon■
### (Nen ni ichido kenko chekku wo ukete)



Regular na magpasuri sa Espisipikong Pagsusuri sa Kalusugan:Tokutei Kenshin・Pagsusuri sa Kanser:Gan Kenshin para sa sarili at sa mahalagang tao sa atin! Kung nawala ang iyong consultation ticket o lumipat sa Yaizu City mula noong Abril, mangyaring mag-apply gamit ang QR code o tanungin ang Seksyon ng Pangangalaga sa Kalusugan (Kenko Zukuri-ka).

【Matatawagan】Seksyon ng Pangangalaga sa Kalusugan(Kenko Zukuri-ka)
Tagapangasiwa ng Kalusugan ng mga Ganap na gulang(Seijin Hoken Tanto)
☏054-627-4111

## ■Parsyal na subsidiya para sa Ningen-dokku・No-dokku■
### (Ningen-dokku/no-dokku no hiyo ichibu josei)



Ang Lungsod ay maghahandog ng parsyal na subsidiya sa Ningen-dokku(Katawan) ・No-dokku(Utak) kung isang subskriber sa Pambansang Seguro sa Kalusugan:*Kokumin Kenko Hoken*・Seguro sa Mediko ng mga Matatanda:*Koki Koreisha Iryo*.

【Saklaw】

**＜Taong kasali sa Pambansang Seguro ng Kalusugan(Kokumin Kenko Hoken)＞**
Taong binayaran lahat ng Buwis ng Pambansang Seguro sa Kalusugan(Kokumin Kenko Hokenzei) at ang panahon ng pagpasok ay higit sa 3 buwan. Ang Ningen dokku ay para sa mga taong hindi sumailalim sa Espisipikong Pagsusuri sa Kalusugan(Tokutei Kenshin) sa loob ng Fiscal year Reiwa 7(Abril 1,2025～Marso 31,2026).

**＜Taong kabilang sa Seguro sa Mediko ng mga Matatanda(Koki Koreisha Iryo)＞**
Taong binayaran lahat ng Buwis ng Seguro sa Mediko ng mga Matatanda:Koki Koreisha Iryo Hokenryo.
Taong hindi sasailalim sa Ningen dokku sa aktibong panahon ng fiscal year Reiwa 7（Abril 1,2025~Marso 31,2026）.

※Kapag marami ang taong aplikasyon ay posibleng hindi mabigyan ng subsidiya.

【Halaga ng subsidiya】 **Ningen-dokku** ¥26,500 **No-dokku** ¥20,700

※Magtanong sa Seksyon ng Pambansang Seguro sa Kalusugan(Kokuho Nenkin-ka) ukol sa mga Institusyon na maaaring puntahan sa Pagsusuri sa Kalusugan o tungkol sa Sistema. Magtanong mula sa Institusyon ng Pagsusurian tungkol sa paraan ng aplikasyon.

【Matatawagan】
☏054-626-1112 Seksyon ng Pambansang Seguro at Pensyon Tagapangasiwa sa Benipisyo(Kokuho Nenkin-ka Kyufu Tanto)
☏054-626-2164 Seksyon ng Pambansang Seguro at Pensyon Tagapangasiwa sa mga Matatanda(Kokuho Nenkin-ka Koki Koreisha Tanto)

## ■「Silid-aralan para sa pangunahing NIHONGO」■
### 「Hajimete no Nihongo Kyoshitsu」

Sa「Silid-aralan para sa pangunahing Nihongo:Hajimete no Nihongo Kyoshitsu」,mag-aaral tayo ng Nihongo habang kausap ang mga Hapones na nakatira sa lokalidad tungkol sa iyong bansa,paboritong pagkain,pamilya at iba pa. Ang taong marunong sa iyong wika ang tutulong sa inyong pakikipag-usap. Ang silid-aralan ay may「NYUMON CLASS:Introductory class」 para sa mga taong hindi halos marunong ng Nihongo at「SHOKYU CLASS:Beginners class」para sa mga taong marunong kaunti sa Nihongo. Marami din tao ang lumahok sa nakaraang klase ng taon 2024. Muli po namin pinaghahandaan ang masayang klase ngayong taon. Sa mga interesadong tao,ipapaalam namin ang malinaw na detalye sa ilalathalang KOHO YAIZU sa buwan ng HULYO. Kasalukuyan ay hindi pa makakapag-aplay,hinihiling po namin ang iyong saglit na paghihintay.

**Araw at Oras**: Sa linggo ng Setyembre hanggang Nobyembre 9:30am-11:30am (10 beses Lahat)
**Lugar**: Sentro ng Pakikipag-ugnayan sa Lokalidad sa loob ng Yaizu city(Sentro ng Komunidad:*Kominkan*)
o Yaizu City Hall (*Yaizu Shiyakusho)*
**Bayad sa Pagsali sa Lektura**: 0 YEN
**Kapasidad**:「NYUMON CLASS:Introductory class」 20 ka tao ,
「SHOKYU CLASS:Beginner class」 20 ka tao



**●Naghahanap ng supporter para sa katutubong wika sa「Hajimete no Nihongo Kyoshitsu」●**

Naghahanap ng tagatulong sa「Hajimete no Nihongo Kyoshitsu」gamit ang wikang Nihongo at Katutubong wika ng mag-aaral (Tagalog,Bisaya,Portuguese,Spanish atbp.) na maaaring gumabay sa silid-aralan.
Sa mga interesado,tumawag lamang sa ibaba.
Matatawagan: Seksyon ng Tangkakal sa Pakikipagtulungan(Kyodo Suishin-ka) ☏054-626-2191

## ■Ukol sa Pagpapalabas ng Sertipiko ng Kita・Sertipiko ng Pagbubuwis ng Buwis sa Residensya■
### (Shotoku/Juminzei kazeishomeisho no hakko)

Sa mga taong walang kinita sa 2024(Reiwa 6)(Enero 1,2024～Disyembre 31,2024), bago ipalabas ang Sertipiko ay kailangan muna ideklara ang Buwis ng Munisipalidad・Buwis Prefektural(Shiminzei・Kenminzei).
Mangyaring magtanong para sa karagdagang detalye.
【Matatawagan】Seksyon ng Pagbubuwis(Kazei-ka) ☏054-626-2149

## ■"Gusto ko ang Yaizu city""Gusto kong magpatuloy sa pagtira" "Madaling magpalaki ng mga anak" ay nagmarkang nakapakamahusay kailanman!! ■

### Resulta ng Imbestiga sa Pagsisiyasat ng Mamamayan sa「Pangkalahatang Pagpaplano sa Yaizu city」

*「Yaizu-shi ga suki」「Sumitsuzuketai」「Kosodate no shiyasusa」ga kako saiko! Yaizu-shi sogokeikaku shimin anketo chosa kekka*

Ang resulta ng Imbestiga sa Pagsisiyasat ng Mamamayan sa「Pangkalahatang Pagpaplano sa Yaizu city」 na isinagawa noong Enero 2025 ay inanunsyo. Ang resulta ng pagsisiyasat ,mga opinyon ng lahat ng tao ay magiging kapaki-pakinabang para sa pagpaplano ng Yaizu City sa hinaharap. Para sa karagdagang detalye ukol sa resulta ng pagsisiyasat,maaari itong tingnan sa Official website ng Yaizu city o sa Sulok ng pagbubunyag ng impormasyon:**Joho Kokai Kona** sa Munisipyo(Munisipyo Main branch 1st floor). Mangyaring tingnan niyo ito.
【Matatawagan】 Seksyon ng Pagpaplano ng Patakaran(Seisaku Kikaku-ka) ☏054-626-2141

**Yaizu city Website**

## ■Magbubukas ang Aomine pool！ *-Aomine puru-* ■



【Panahon】Hunyo 28(Sabado) hanggang Setyembre 7 (Linggo) ※Sarado sa Agosto 13(Miyerkules).
【Oras ng Negosyo】2:00pm～5:00pm
**※Sabado/Linggo・Pista Opisyal at Hulyo 21(Lunes)～Agosto 29 (Biyernes) ay 9:00am～5:00pm.**
【Bayad sa Pagpasok(2 Oras)】Adulto: ¥300 <u>3~15 taong gulang</u>: ¥150 <u>Hanggang 2 taong gulang</u>: ¥0
【Matatawagan】Aomine Pool ☏054-629-7811(Sa mga panahon na bukas lamang)
Discovery Park Yaizu Suimukan ☏054-625-0801

## ■Libreng Konsultasyon (Muryo sodan)■

※May pagkakataon na biglang walang serbisyo

| Konsultasyon | Araw at Oras | Matatawagan | Detalye |
|---|---|---|---|
| Konsultasyon ukol sa bayarin ng Buwis<br>【Hunyo】 | 【Lunes-Biyernes】<br>8:30am-12:00pm, 1:00pm-4:30pm<br>【Konsultasyon sa Huwebes ng Gabi】<br>←Walang Interpreter.<br>**Hunyo 5,12,19,26**<br>5:15pm〜7:00pm<br>【Konsultasyon sa Linggo】<br>**Hunyo 22 9:00am-12:00pm** | Yaizu City Hall<br>Seksyon ukol sa bayarin sa buwis<br>(Yaizu Shiyakusho Nozei Sokushinka)<br>☏054-626-1140<br>☏054-626-2148 | Kung hindi mababayaran ang buwis sa takdang petsa ng pagbayad,magpunta at komunsulta.<br>※May interpreter sa wikang Tagalog,Bisaya,English,Portuguese sa araw ng linggo. |
| VISA | Lunes - Biyernes<br>8:30am - 5:15pm | Sentro ng impormasyon para sa mga residenteng dayuhan(Nagoya)<br>☏0570-013904 | Ukol sa proseso ng pagpasok sa bansa at Proseso ng pananatili o visa.<br>(English・Korean・Chinese・Spanish atbp.) |

## ■Iskedyul ng Ospital at Botika sa Linggo at Holiday (Hunyo)■

※May pagkakataon na magbago.

【Oras:8:30am-5:00pm (Ang may marka na ☆ ay 9:00am-5:00pm) Dentista・・・9:00am-3:00pm】

**【1(Linggo)】** **NAI-KA(Internal Medicine)** Tachibana clinic (Gokahorinouchi) ☏620-9191 **SHONI-KA(Pediatric)/JIBI-KA(Otolaryngology)** Nakagami iin (Nakashinden) ☏623-0805 **GE-KA(External Medicine)** Koido icho clinic (Kohiji) ☏621-5100 **SHI-KA(Dentistry)** Nagata shika iin (Honmachi 1) ☏629-3131 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Family yakkyoku (Gokahorinouchi) ☏621-7200, Friend yakkyoku (Nakashinden) ☏624-9390, Kyorindo yakkyoku nishi yaizu eki kita-ten (Koyashiki) ☏621-5411, Tokyo yakkyoku (Sakaemachi 3) ☏628-2370

**【8(Linggo)】** **NAI-KA(I.M)** Koishikawa naika clinic (Sakaemachi 1) ☏621-1111 **SHONI-KA(Pediatric)** Yamamoto shonika (Ishizu2) ☏656-0100 **GE-KA(E.M)** Hara seikei geka clinic (Oyaizu) ☏620-8772 **JIBI-KA(Otolaryngology)** Mori jibi inkoka☆(Fujieda-shi osu 1) ☏635-8687 **SHI-KA(Dentistry)** Carrot clinic oda shika (Nakashinden) ☏623-6480 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Sakae yakkyoku (Sakaemachi 2) ☏631-6090, Yotsuba yakkyoku (Ishizu2) ☏625-0005, Sakura yakkyoku nishi yaizu-ten (Oyaizu) ☏621-4606

**【15(Linggo)】** **NAI-KA(I.M)** Fukumura clinic (Daieicho 2) ☏627-1228 **SHONI-KA(Pediatric)** Horio shonika (Nishikogawa 2) ☏626-5500 **GE-KA(E.M)** Yaizu ekimae seikei geka riumachi rihabiri clinic (Nakaminato 1) ☏621-5511 **SANFUJIN-KA(Obstetrics/Gynecology)** Yaizu birth clinic(Koyashiki) ☏626-8603 **JIBI-KA(Otolaryngology)** Yaizu 6 chome jibi inkoka (Yaizu 6) ☏620-6001 **GAN-KA(Ophthalmology)** Yaizu kogawa ganka (Higashikogawa 2) ☏ 626-8860 **SHI-KA(Dentistry)** Matsumoto shika (Yanagiaraya) ☏ 627-4182 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Melon yakkyoku (Daieicho 1) ☏629-8862, Sakura yakkyoku yaizu nishikogawa-ten (Nishikogawa 1) ☏620-8844, Subaru yakkyoku (Yaizu 6) ☏627-2831, Akagi yakkyoku kogawa-ten (Higashikogawa 2) ☏626-5300

**【22(Linggo)】** **NAI-KA(I.M)/GE-KA(E.M)** Community hospital koga byoin (Daikakuji 2) ☏628-5500 **NAI-KA(I.M)** Hirai iin☆(Kamikosugi) ☏ 622-9070 **SHONI-KA(Pediatric)** Sone shonika (Gokahorinouchi) ☏ 620-8814 **JIBI-KA(Otolaryngology)** Fujieda aoba jibi inkoka☆(Fujieda-shi suehiro1) ☏ 050-3033-4284 **SHI-KA(Dentistry)** Ishida shika iin (Ozumi) ☏ 628-3376 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Daikakuji yakkyoku (Daikakuji 2) ☏629-3789, Flower yakkyoku toyoda-ten (Gokahorinouchi) ☏639-6277, Nishina yakkyoku oigawa-ten (Kamiizumi) ☏662-0862

**【29(Linggo) 】** **NAI-KA(I.M)** Yamashita naika iin (Honmachi 2) ☏628-2733 **NAI-KA (I.M)/ SHONI-KA(Pediatric)** Sakurai iin☆(Kamishinden) ☏622-0122 **SHONI-KA(Pediatric)** Koga clinic (Daikakuji 2) ☏628-5151 **GE-KA(E.M)** Okubo iin (kamikosugi) ☏622-2500 **JIBI-KA(Otolaryngology)** Tanaka jibika (Oyaizu) ☏621-5888 **SHI-KA(Dentistry)** Yagi shika iin (Kogawa) ☏625-8212 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Cosmo yakkyoku (Honmachi 2) ☏621-3771, Daikakuji yakkyoku (Daikakuji 2) ☏629-3789, My yakkyoku (Kamikosugi) ☏ 662-1677, Sakura yakkyoku yaizu oyaizu-ten (Oyaizu) ☏620-7500, Donguri yakkyoku oigawa-ten (Kamishinden) ☏622-3408

### ■Pang-gabi na Ospital (Yakan Shinryo Iryo Kikan)■

Lugar: Shida Haibara Chiiki Kyukyu Iryo Senta(Fujieda Shi Setoaraya 362-1) ☏054-644-0099

Departamento: Internal Medicine, Pediatric ※Pedia lamang ang sumusunod na iskedyul sa gabi 10:00pm pataas

Oras: Lunes~Biyernes (7:30pm~10:00pm)/ Sabado at Linggo (7:30pm hanggang kinaumagahan ng 7:00am)

**＜Hunyo 8(Linggo),14(Sabado),22(Linggo),28(Sabado)＞**

### Yaizu International Friendship Association FACEBOOK

*-Yaizushi kokusai yuko kyokai Facebook-*

Sa Facebook ng Yaizu International Friendship Association binabahagi sa lahat ang tungkol sa masasayang kaganapan,Silid-aralan ng Nihongo at mga kapaki-pakinabang na impormasyon sa ating pamumuhay. Mag-follow po kayo!

【Matawagan】Seksyon ng Tangkakal sa Pakikipagtulungan(Kyodo Suishin-ka) ☏054-626-2191